# BACKREST NG PASAHERO PARA SA TOUR-PAK

## PANGKALAHATAN

### Mga Numero ng Kit

52300312, 52300314, 52300316, 52300317, 52300319, 52300334, 52300335, 52300359, 52300360, 52300567, 52300572, 52300574

### Mga Modelo

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang retail na katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lamang).

### Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

**Kung ginagamit na ang accessory circuit connector** , kailangan din ng Switched Circuit Adapter Harness (Piyesa Blg. 70264-94A).

**Mga Touring na Modelo ng 2014-2016:** Kinakailangan ang hiwalay na pagbili sa harness extension (Piyesa Blg. 69200722) upang mahanap ang accessory circuit connector para sa **Heated Tour-Pak® Kit 52300317** .

**Mga Touring na Modelo ng 2017:** Kinakailangan ang hiwalay na pagbili ng harness extension (Piyesa Blg. 69201599) upang mahanap ang accessory circuit connector para sa **Heated Tour-Pak® Kit 52300317** .

**⚠ BABALA**

**Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00308b)**

*TALA*

*Tumutukoy sa impormasyon sa manwal ng serbisyo ang pahina ng tagubilin na ito. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo na ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito. Mayroong isa na makukuha mula sa dealer ng Harley-Davidson.*

### Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 4 , Figure 5 , Talahanayan 1 at Talahanayan 2

## OVERLOAD NG KURYENTE

**PAUNAWA**

**Posibleng ma-overload ang charging system ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng napakaraming de-kuryenteng accessory. Kung ang pinagsamang de-koryenteng accessory na gumagana nang sabay-sabay ay kumokonsumo ng higit pa sa kuryenteng kayang likhain ng charging system ng sasakyan, maaaring madiskarga ng pagkonsumo ng kuryente ang baterya at magdulot ng pinsala sa sistemang elektrikal ng sasakyan. (00211d)**

**⚠ BABALA**

**Kapag nag-i-install ng anumang de-kuryenteng accessory, tiyaking hindi lalampas sa maximum na rating ng amperage ng fuse o circuit breaker na nagpoprotekta sa naapektuhang circuit na binabago. Ang paglampas sa maximum na amperage ay maaaring humantong sa mga pagpalyang elektrikal, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00310a)**

Ang Backrest Kit 52300317 ng Heated Tour-Pak ay nangangailangan ng hanggang **3.0 A** na dagdag na current mula sa sytem ng kuryente.

## PAGHAHANDA

**⚠ BABALA**

**Upang maiwasan ang aksidenteng pag-andar ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang pangunahing fuse bago magpatuloy. (00251b)**

*TALA*

- ***Para sa mga sasakyang may sirenang panseguridad:*** *Habang nasa malapit ang fob ng seguridad, ipihit ang switch ng ignisyon sa ON. Pagkatapos ma-disarm ang system, ipihit ang switch ng ignisyon sa OFF.* ***AGAD*** *na alisin ang pangunahing fuse alinsunod sa manwal ng serbisyo.*
- ***Para sa mga sasakyang WALANG sirenang panseguridad:*** *Tingnan ang manwal ng serbisyo upang alisin ang pangunahing fuse.*

## PAGKAKABIT NG BACKREST

### King Tour-Pak

1. Tingnan ang Figure 1 . Pagpantayin ang tatlong stud na nasa backrest (1) nay may butas sa takip ng Tour-Pak. Manu-manong higpitan sa pamamagitan ng mga flanged locknut (2) at flat washer (3) na galing sa kit.

2. Igitna at ipantay ang backrest sa takip ng Tour-Pak para sa pinakamagandang hitsura.




♲ Ang karamihan sa Mga Parte at Accessory ng Harley-Davidson® ay gawa sa mga plastic at metal na maaaring i-recycle.
Pakitapon nang responsable ang mga materyal.

3. I-torque ang mga locknut. Higpitan.

   Torque: 11,3–14,7 N·m (100–130 **in-lbs**)

   a. **Para sa Kit 52300317:** Tumuloy sa **Mga Karagdagang Hakbang para sa Heated Backrest** .

   b. **Para sa LAHAT ng iba pang kit:** Tumuloy sa **LAHAT ng pagkakabit** .




1. **Backrest**
2. **Flanged locknut (3)**
3. **Flat washer (3)**

**Figure 1. Naka-mount na Backrest sa Takip ng King Tour-Pak**

## Mga Karagdagang Hakbang para sa Heated Backrest

1. Buksan ang takip ng Tour-Pak. Isagad ang haba ng mga wire ng backrest.

2. Iruta ang mga wire ng backrest.

   a. Sa itaas ng kaliwang speaker pod ng Tour-Pak, na nakasandal sa front wall ng Tour-Pak

   b. Pababa sa inboard na gilid ng speaker pod

   c. Sa likod ng ibabang pad ng Tour-Pak

   d. Sa kahabaan ng pangunahing wire bundle na patungo sa ilalim ng upuan

3.

*TALA*

*Ang plastic na clip na may pandikit sa likod (Piyesa Blg. 69200342) at cable strap (Piyesa Blg. 10006) ay iminumungkahi upang maikabit nang husto ang harness.*

   Isara ang takip ng Tour-Pak. Tiyakin na hindi maiipit ng pansarang takip ang harness. Higpitan nang ayon sa kinakailangan upang matiyak na hindi haharang sa takip ang daanan ng harness.

4. Tingnan ang Figure 2 . I-assemble ang pangkonekta ng Deutsch heated backrest. Sumangguni sa manwal ng serbisyo para sa partikular na impormasyon ukol sa mga sumusunod na panlahatang hakbang.

   a. Ipasok ang selyo ng wire sa likod (3) papasok sa Deutsch four-way (apatan) socket housing (4) na galing sa kit.

   b. Ipasok ang pulang wire lead at terminal (1) sa cavity 3.

   c. Ipasok ang itim na wire lead at terminal (2) sa cavity 4.

   d. Ikabit ang panloob na selyo (5).

   e. Ikabit ang pangalawang locking wedge (6).


   f. Ikabit ang mga seal plug (7) sa cavity 1 at 2.

5. Kunin ang Extension ng Harness:

   a. **Mga Touring na Modelo ng 2014-2016:** (Piyesa Blg. 69200722, hiwalay na bibilhin). Isaksak ang waluhang (eight-way) pangkonekta na Molex sa accessory circuit connector [4A] sa elektrikal na panel sa ilalim ng takip sa kaliwa. Iruta ang apatang (four-way) Deutsch pin na pangkonekta sa posisyon sa ilalim ng upuan.

   b. **Mga Touring na Modelo ng 2017 at Mas Bago:** (Piyesa Blg. 69201599, hiwalay na bibilhin). Isaksak ang tatluhang (three-way) pangkonekta na Molex sa accessory circuit connector [325B] sa elektrikal na panel sa ilalim ng takip sa kaliwa. Iruta ang apatang (four-way) Deutsch pin na pangkonekta sa posisyon sa ilalim ng upuan.

6. Iruta ang Deutsch heated backrest na pangkonekta sa ilalim ng upuan at ikonekta ang apatang (four-way) pangkonekta ng extension ng accessory harness. Itabi ang mga wire upang matiyak na hindi ito masisira ng upuan. Magpatuloy sa **LAHAT ng Pagkakabit** .




1. **Pulang wire lead at terminal**
2. **Itim na wire lead at terminal**
3. **Selyo ng wire sa likod**
4. **Deutsch four-way socket housing**
5. **Panloob na selyo**
6. **Pangalawang locking wedge**
7. **Seal plug (2)**


**Figure 2. Ipasok ang mga Terminal sa Deutsch Socket Housing**

## Chopped Tour-Pak

1. Tingnan ang Figure 3 . Pagpantayin ang tatlong stud na nasa backrest (1) nay may butas sa takip ng Tour-Pak. Manu-manong higpitan saa pamamagitan ng mga flanged locknut (2) na galing sa kit.
2. Igitna at ipantay ang backrest sa takip ng Tour-Pak para sa pinakamagandang hitsura.
3. Higpitan ang mga locknut. Higpitan.

   Torque: 7,9–9 N·m (70–80 **in-lbs**)

   a. Magpatuloy sa **LAHAT ng Pagkakabit**




1. **Backrest**
2. **Flanged locknut (3)**

**Figure 3. Naka-mount na Backrest sa Takip ng Chopped Tour-Pak**

## LAHAT ng Pagkakabit

*TALA*

*Tiyakin na NAKA-OFF ang switch ng ignisyon **bago** ikabit ang pangunahing fuse.*

1. Tingnan ang manwal ng serbisyo upang ikabit ang pangunahing fuse.
2. Isara ang takip ng Tour-Pak. Suriin kung wasto ang pagkakapantay ng backrest.
3. Tingnan ang manwal ng serbisyo upang ikabit ang upuan.

## PAGSUBOK AT PAGPAPAGANA SA HEATED BACKREST

1. Kinokontrol ng rocker switch sa kaliwang bahagi ng backrest ang setting ng init. Ilagay ang switch ng ignisyon sa ON. Tiyakin ang wastong pagpapagana ng heated backrest.

   a. Kapag nasa gitna ang rocker switch, ang init ng backrest at NAKA-OFF.

   b. Pindutin ang ibabang bahagi ng switch upang I-ON ang init sa setting na MABABA.

c. Pindutin ang itaas na bahagi ng switch upang I-ON ang init sa setting na MATAAS.

2. Ipihit ang switch ng ignisyon sa ACCY. Gagana ang rocker switch sa parehong paraan kapag ito ay nasa posisyong ON.

3. Ipihit ang switch ng ignisyon sa OFF. Hindi nagdudulot ng init ang backrest sa kahit anong posisyon ng rocker switch.

## MGA PAMALIT NA PIYESA





**Figure 4. Mga Pamalit na Piyesa, King Tour-Pak Backrest Kit 52300312, 52300314, 52300316, 52300317, 52300334, 52300574**

**Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa, King Tour-Pak Backrest Kit 52300312, 52300314, 52300316, 52300317, 52300334, 52300574**

| Item | Paglalarawan (Dami) | Numero ng Piyesa |
|---|---|---|
| 1 | Assembly ng backrest, lahat ng kit maliban sa 52300317 (kasama ang item 2-7)<br>Assembly ng backrest, kit 52300317 (kasama ang Item 2-13) | Hindi ipinagbibili nang hiwalay<br>Hindi ipinagbibili nang hiwalay |
| 2 | • Isolation kit, backrest (3) | 52300127 |
| 3 | • Bracket na pangsuporta, gitna | 52300121 |
| 4 | • Bracket na pangsuporta, kanan | 52300122 |
| 5 | • Bracket na pangsuporta, kaliwa | 52300123 |
| 6 | • Flange nut, locking, 5/16"-18 (3) (hindi ipinapakita) | 7531 |
| 7 | • Washer, flat, 5/16" nominal (3) (hindi ipinapakita) | 6026 |
| **Ang mga item na kasama lang sa kit 52300317:** | | |
| 8 | • Deutsch socket connector housing, four-way (ipinapakita sa Figure 2) | 72134-94GY |
| 9 | • Deutsch secondary lock (ipinapakita sa Figure 2) | 72154-94 |
| 10 | • Deutsch socket terminal (2) (ipinapakita sa Figure 2) | 72191-94 |
| 11 | • Deutsch seal pin (2) (ipinapakita sa Figure 2) | 72195-94 |
| 12 | • Harness, heated backrest | Hindi ipinagbibili nang hiwalay |
| 13 | • Switch, heated backrest | Hindi ipinagbibili nang hiwalay |





**Figure 5. Mga Pamalit na Piyesa, Chopped Tour-Pak Backrest Kit 52300319, 52300335, 52300567, 52300572**

**Talahanayan 2. Mga Pamalit na Piyesa, Chopped Tour-Pak Backrest Kit 52300319, 52300335, 52300567, 52300572**

| Item | Paglalarawan (Dami) | Numero ng Piyesa |
|---|---|---|
| 1 | Assembly ng backrest (kasama ang Item 2-3) | Hindi ipinagbibili nang hiwalay |
| 2 | • Isolator, backrest (3) | 52300323 |
| 3 | • Flange nut, locking, 1/4"-20 (3) | 7716 |